Mga Payo sa Mga Magulang at Tagapag-alaga ng Mataas na Paaralan

Ang mga mag-aaral na lumiliban sa klase, ay nawawalan ng matutunan. Maliban kung may karamdaman, ang malimit na pagliban sa paaralan ay maiiwasan ng kaunting pagsisikap. Tulungan ang inyong mag-aaral na matuto, magkaroon ng pangmatagalang pakikipagkaibigan, at linangin ang kakayahan at panindigang kailangan upang maging mabuting mamamayan at makabuluhang kasapi ng bayan.

- ✓ Utusang pumasok sa paaralan ang inyong anak **sa tamang oras, araw-araw**, at tiyaking tapos ang mga gawaing-bahay.
- ✓ Ang tungkuling pag-alaga, suliranin sa sasakyan, ang nahuling sasakyan, at ang ulan ay kabilang sa mga **hindi tamang dahilan sa pagliban** at ilalagay sa permanenteng talaan ng inyong mag-aaral.
- ✓ Ang pinahabang bakasyon, pinahabang linggo, at malimit na pagpunta sa maggagamot sa mga oras ng pagpasok ay magiging sanhing **mahuli sa mga aralin** sa klase ang inyong mag-aaral.
- ✓ **Magkakaroon ng mga kasangkapang** tulong sa kaalaman sa pagiging magulang, pakikipag-usap sa inyong mag-aaral, at paghikayat na kaniyang pahalagahan ang pag-aaral. Tawagan ang tagapayo ng inyong paaralan o tawagan ang Harold J. Ballard Parent Center, ang tahanan ng San Diego Parent University, sa (619) 293-4431.
- ✓ Sabihin sa inyong mag-aaral na ang mga susunod na pinuno ng mga bahay-kalakal ay **hindi tumatanggap ng mga dahilang** malimit mahuli at lumiliban.
- ✓ Ang palaging nasa paaralan araw-araw ay **tataas ang pagkakataon** ng inyong mag-aaral na bumuti ang marka sa mga pagsusulit, matanggap sa kolehiyo at mga pagkakataong magkaroon ng tulong sa gastusin sa pag-aaral.
- ✓ Sundin ang tamang mga patnubay para sa **pagbigay ng tamang dahilan ng pagliban** sa paaralan sa tamang panahon.
- ✓ Payagang manatili sa bahay ang inyong anak **lamang kung** siya ay may nakahahawang sakit o malubhang karamdaman.
- ✓ Hikayating **magpalakas** ang inyong mag-aaral, **kumain ng wastong pagkain**, at **sagana sa tulog**, na tutulong sa kanyang maging handa sa kaisipan at pangangatawang matuto, at lumakas ang panlaban sa sakit.
- ✓ **Basahin ang lahat ng kaalamang** pinadadala ng paaralan sa inyo, at kunin ang pinakahuling kaalaman sa websayt ng paaralan kung saan ito makukuha.

Paniwalaang ang Bawat Araw ay Mahalaga at masdan ang inyong mag-aaral ay pumailanlang!

Sa karagdagang kaalaman, tawagan:

Jennie Breister
Grant Coordinator
Annie E. Casey Foundation
Communications Department
San Diego Unified School District
619-725-5598 or
jbreister@sandi.net

Ang kasulatang ito ay inilathala kasama ang suporta ng Annie E. Casey Foundation Grant.

Last updated 05/02/07

SAN DIEGO UNIFIED SCHOOL DISTRICT
SD USD *Becoming America's Best* COMMUNICATIONS